

1

“Laura, tingnan mo, tingnan mo!” Sabik na ipinakita ni Charo ang papel na mahigpit na tangan sa kaopisina at matalik na kaibigan na abalang nagta-type sa harap ng computer sa sariling mesa.

“Ano na naman ba iyan?”

“E-mail, galing sa ka-chat mong U.S. navyman!” bulalalas nito.

Nanlaki ang kanyang mata at kaagad inagaw ang sulat mula rito. “Akin na iyan!”

Si Laura Panganiban ay sekretarya na nagtatrabaho sa kompanyang pag-aari ng pamilya ni Charo na ang negosyo ay pag-e-export ng yantok na mga furnitures sa Northern America. Nagniningning ang bilugang mga mata niya at hindi maitago sa galaw ng seksing katawan ang kasabikang mabasa ang sulat ng tatlong buwan na rin niyang ka-chat sa Internet na si Glenn.

“Ano daw? Ano daw ang sabi?” excited na tanong ni Charo.

“Shh... huwag ka nga munang magulo!” Napakagat siya sa labi. Twenty-seven years old na

siya pero mukhang bata dahil sa napakaamo niyang mukha, makinis at malambot na kutis.

“Pabasa na nga!” Hindi na nakatiis, inagaw nito ang sulat at binasa. Nauna pa itong tumili sa kanya bago siya nakahuma. “Uwi daw siya at the end of this month!”

“Huwag ka ngang maingay. Nakakahiya,” saway niya.

“Sus! Kanino ka mahihiya? Eh, sasampu lang naman tayo dito sa opisina! Teka, ano pa’ng sabi niya?” Naupo na ito sa tabi niya.

“Eh, iyon na nga. Uwi daw siya. Gustung-gusto na daw niya akong makita at ako ang unang-una niyang pupuntahan dito.”

“Iyon naman pala, eh! Isasama mo ako, ha?” Siniko pa siya nito.

“Siyempre, ikaw pa. Kaya lang, huwag mong lalandiin, ha? Napakahilig mo pa naman sa guwapo!” Tiningnan ni Laura ang kaibigan. Dahil nga sa mayaman, sunod lahat ng layaw at gusto ni Charo. Ang magandang mukha nito ay lalo pang tumingkad sa tulong ng magaganda nitong damit at gamit kasama pa ang perpektong katawan na pinaghihirapan nitong i-workout sa gym.

“Hoy! Alam kong gusto mong ito ang maging dream man mo. Aba, kapag natipuhan ka niyan, tiyak akong mahahango na kayo ng ina mo sa kahirapan. Iyon naman ang gusto mo, hindi ba?”

“Oo.”

“So, bakit ko naman siya lalandiin, aber?”

“Naku!” bulalas niya, sabay pabirong sumimangot. “Parang hindi kita kilala. Eh, kapag nakakita ka ng guwapo, umiikot ang tumbong mo.”

“Not this time, my friend. Iyo na siya. Balato ko,” nakangiting pahayag nito.

Umiling-iling siya. “Alam mo, Charo, sana nga magustuhan na ako ng lalaking ito... to the point na pakakasalan ako.”

“Kapag nagkataon, mawawala ka na dito dahil siguradong dadalhin ka niya sa Amerika.” Nag-drama pa itong nalulungkot.

“Eh, di mas maganda; mailalayo ko na ang Mama dito. Para hindi na rin kami ginugulo ng nakakainis na babaeng iyon.” Ang landlady nila ang tinutukoy niya.

“Ako, ayaw ko n’on.” Sumimangot ito.

“Tumigil ka nga. Basta, huwag ka na lang poporma. Ibalato mo na sa akin ito, okay?”

“Sure!” Nagtawanan ang magkaibigan at saka ipinagpatuloy ang masayang pagkukuwentuhan.

“Hay naku, Elenita! Kailan na naman ba kayo magbabayad, ha?”

Malayo pa si Laura ay dinig na niya ang pagbubunganga ng landlady kaya nagsalubong na naman ang malalago niyang kilay. Gaya ng inaasahan, inabutan niya itong nag-iingay sa harap ng kanyang ina na nakatungo lamang at walang balak na sumagot.

“Bakit kayo naririto?” tanong niya.

Sabay na napatingin sa kanya si Aling Elenita at ang matabang landlady nila. “At bakit? Kanino bang bahay ito, ha?” mataray na tugon ni Aling Martha.

“Baka nakakalimutan ninyong inuupahan namin ito sa inyo kaya wala kayong karapatang basta-basta na lang pumasok dito kung kailan ninyo gusto,” taas-noong pahayag niya.

“Hoy, Laura! Huwag ka ngang nagyayabang sa akin, ha! Magbayad muna kayo ng utang ninyo dito sa bahay bago ka umangal!”

“Bayad na ho ako sa inyo. Heto.” Mabilis niyang kinuha ang isang resibong nasa loob ng kanyang bag. “Nagbayad na ho ako sa asawa ninyong naunang maningil sa inyo.” Ipinakita niya ang papel at pinamulahan ang kausap nang makita iyon.

“Kailan pa ito?”

“Noong isang linggo pa ho. Kaya huwag kayong dakdak nang dakdak dito at kung pupuwede lang ho, umalis na kayo. Huwag ninyong ginugulo ang mama ko. Porque’t alam ninyong hindi sumasagot, eh, kinakaya-kaya na lang ninyo!” sumbat niya.

Hindi makapagsalita ang matabang babae. Pulang-pula ang mukha nito at matuling tinalikuran ang mag-ina, sabay labas sa silong ng bahay na pinauupahan nito sa Maybunga, Pasig.

Tiningnan ni Laura ang ina na nanatiling nakatungo at patuloy na namamalantsa ng kanilang mga damit. Noon niya nakita ang malaking sugat nito sa braso. Muling uminit ang kanyang ulo nang nahulaan kung ano ang ginawa nito.

“Nagpunta na naman kayo sa bahay natin, ’no?”

“Nagbabakasakali lang ako, Laura,” mahinang tugon nito.

“Nagbabakasakali? Mama, ilang beses ko na kayong pinagbawalang magpunta doon. Ano pa ba ang kailangan kong sabihin para makinig kayo, ha?”

“Baka ’ika ko umuwi na galing ng Saudi ang ama mo. May nagbalita kasi sa akin n’on.”

“Mama naman...” Nanlalambot na naupo siya sa isang monoblock chair ng kanilang hapag-kainan. “Matagal na tayong itinakwil ni Papa at pinili niyang makinig kina Lola at sa kapatid niya. Kung gusto niyang makipaglinawan sa inyo, di sana noon pa.”

“Laura, nabubulagan lang ang ama mo; intindihin mo sana siya. At hindi kasalanan ng mga lola mo at ni Espie ang lahat. Nagkamali lang sila ng akala.”

Hinihimas-himas niya ang noo na parang pinanakitan ng ulo. “Labing-pitong taon na ho ang lumipas. Kung gusto nilang baguhin ang opinyon nila sa inyo, sana noon pa nila ginawa.”

“Pero malinis ang konsyensya ko, Anak. Hindi ko niloko ang ama mo kahit na kailan. At si Ernesto talaga ang iyong ama,” katuwiran nito.

“Alam ko iyon. Tanga lang ’yang si Papa at sobra-sobra ang paniniwala sa mga kamag-anak niya. At kung talagang mahal ka niya, hindi na siya maghihintay nang ganito katagal,” may pait sa tinig

niyang sabi.

“Mahal na mahal ko ang ama mo.”

“Mama...” Tumigas ang kanyang mukha. “Iyang mahal-mahal na ’yan ang sumira ng buhay natin. Bakit ba hindi na lamang ninyo tanggapin ang nangyari, ipagpatuloy ang buhay ninyo at manahimik na tayo.” Binuksan niya ang mga natatakpaning pinggan sa mesa at nadismaya nang makitang walang lutong pagkain kundi ang mga inalmusal niya kaninang siya rin ang nagluto.

“Pasensya ka na, Anak. Ipagluluto na lamang kita ngayon.” Nataranta si Aling Elenita nang makita ang pait sa mukha ng anak. “Masyado kasi akong naapektuhan ng mga sinabi ng tiyahin mo at—”

“Huwag na kayong magluto. Mukhang kanina pa kayo namamalantsa. Bibili na lang ako ng pagkain sa kanto.”

“Laura...” Kunot ang noong nilingon niya ito habang naghahanda nang lumabas ng bahay. “Intindihin mo sana ako. Magmamahal ka rin, at malalaman mo kung gaano kahirap ang sitwasyon ko.”

“Hindi, Mama.” Matigas ang mukha ng dalaga. “Kung ganito rin lang ang magmamahal, huwag na lang.

Sana Pag-ibig Na - Marian Alejandro

Sarili ko na lang ang mamahalin ko kesa magmukha akong tanga at umasa nang umasa katulad ng ginagawa ninyo.” Tinalikuran niya ang ina at hindi na nakita ang tahimik na pagtulo ng luha nito habang papalayo siya.

2

“Ano, tumawag na ba? Tumawag na ba, ha?” Unang linggo ng Marso. Daig pa ng reaksyon ni Charo ang nararamdamang pananabik ni Laura. Pinuntahan siya nito sa puwesto niya sa opisina nang umagang iyon.

Napatigil siya sa ginagawang pag-aayos ng mga papeles. “Hindi pa.”

“Pero dumating na ba talaga?”

“Actually, wala akong balita. Hindi ko siya na-meet sa chat room nitong nakaraang linggo. Busy ako masyado sa mga shipments natin at hindi ako nakakapag-Internet.”

“Ano?” bulalas ng kaibigan. “Bakit ngayon mo pa pinabayaan? Alam mo namang papalapit na.”

“Kung talagang gusto niya, tatawag at makikipagkita iyon. Baka naman sabihin niyang atat na atat ako. Saka, baka ma-turn off iyon.” Umismid pa siya.

“Eh, paano mo siya makukuha kung hindi mo gagawin ang paghahabol?” katuwiran nito.

“Naku, Charo! Alam mong hindi ako marunong

niyang sinasabi mo. Ni hindi pa ako nagkakanobyong 'tapos, paghahabulin mo ako."

Umikot ang mga mata nito. "Eh, akala ko ba gusto mong makahanap ng lalaking mayaman o taga-ibang bansa para makaalis ka dito sa Pilipinas? Para mahango ka sa kahirapan at maipamukha iyon sa mayaman mong ama at sa matapobre niyang pamilya?"

Tumangu-tango si Laura. "Totoo iyon."

"At maipaghiganti mo ang mama mong hanggang ngayon, eh, kinakawawa pa rin?"

"Wala na akong itinago sa iyo."

Namaywang ito. "Ganoon naman pala, eh. Bakit parang ikaw pa ang nagpapakipot?"

Bumuntung-hininga siya. "Actually, hindi ko alam kung papaano siya kokontakin. Wala siyang ibinigay na telepono o ano man kaya kailangang maghintay tayo."

"Type mo ba si Glenn?" panunubok ni Charo.

"Kailangan ba iyon?"

"It's a start."

"Hindi."

Nanlaki ang mga mata nito. “Hindi?”

“Ikaw, type mo?” nakangiting tanong niya.

Napasimangot ito. “Suplado naman iyon kapag nakakausap ko. Pero kayong dalawa, you hit it off!”

“Kailangan ko kasi siya, Charo. Pero off the record, hindi ko siya gusto. Parang masyadong conceited. ‘Sabagay, may karapatan siya dahil guwapo siya... kung totoong siya nga iyong nasa picture na ipinadala niya. Ayon rin sa kanya, may-kaya ang pamilya nila. Hindi nga ba’t daang libo daw ang ektarya ng mga lupain nila saka sila ang may-ari ng *Elements Lending Company* at ng *Elements Development and Real Estate*?”

“Totoo kaya iyon?” Nag-isip pa ito.

“Malalaman natin kapag nakilala na natin siya.”

“At kapag nagustuhan ka niya?”

Tiningnan niya ang kaibigan at napangiti. “Hindi nga ba’t iyon lang ang hinihintay ko? Pero may hitch, eh. Kung talagang ganoon siya kayaman, bakit nagtitiyaga siyang maging U.S. navyman lang? Aba, kung kanila iyon, di dapat ay isa na siya sa mga top executives?”

“Malay mo, siya iyong tipong free spirit na ayaw

pakulong sa apat na sulok ng opisina,” anito.

“Hindi nga natin malalaman iyon hangga’t hindi natin siya nakikilala, hindi ba?”

“Ah, basta! Ipakikilala mo siya sa akin. Malay mo, ito na ang suwerte mo.”

“Sana nga,” sabi niya. “Wala naman akong pakialam que mayaman siya talaga o hindi. Basta ang importante sa akin ay makuha niya ako at makaalis kami ni Mama. Gusto kong makalayo dito para matigil na ang kahibangan ng Mama kay Papa.”

Nagkibit-balikat ito. “Ewan ko sa iyo. Kung tutuusin, okay ka na dito, eh. You’re lined up for a promotion na hindi mo halos tanggapin. Maayos naman ang buhay ninyo dito pero nag-aambisyon ka pa ng ganyan.”

“Ayaw ko lang na maapi habang-panahon, Charo. At kung ang Glenn na ito ang magiging daan ko para makaalis dito, hindi ko na palalagpasin pa.”

“Bahala ka na nga.” Muli itong nagkibit-balikat at iniwan siya.

Eksakto namang nag-ring ang telepono sa kanyang desk at mabilis niyang sinagot iyon. “*Manglapus Furnitures, good afternoon.*”

“Good afternoon. Is Laura there?” Isang malalim na boses-lalaki ang nagsalita sa kabilang linya.

“Speaking. May I know who’s on the line?”

“Laura? Hi, this is Glenn.”

“Glenn?” Napapigil siya ng hininga. “H-hi, you’re already here?”

“Yep. I’ve been meaning to call you but I’ve been busy.”

“Yeah...” Wala siyang sukat masabi.

“Well, I guess it’s time we meet... personally?”

“I-I guess so,” nauutal na tugon niya.

“Good. Why don’t we have dinner tonight? Then we can go to a bar somewhere after that.”

“That would be nice.” Napangiti siya.

“I’m bringing my... friend along, if you won’t mind.”

“A friend?”

“A male friend.”

“Then you won’t mind if I bring one, too? Remember Charo?” tanong niya.

“Charo.... Yeah, is she Candy in the chat room?”

“Yes, I’ll bring her with me.”

“That’s great! So, where do we meet?”

“Ah... just a second.” Tinawag niya si Charo at tinanong kung saan sila puwedeng magkita-kita. Pagkaraan ng ilang minutong diskusyunan ay saka sila nakapagdesisyon. Pagkasabi niya ng lugar at oras sa lalaki ay ibinaba na nito ang telepono.

“Naku, eh, hindi puwedeng ganyan ang ayos mo,” natatarantang sabi ni Charo. “Magbihis ka nang maayos, iyong medyo sexy para naman ganahan sa iyo ’yon,” payo nito.

“Para namang hindi mo alam na iilang piraso lang ang blouse ko at maayos na damit. Ito na lang uniporme. At least, wala siyang maipipintas.”

“Ano! Magpapakita kang naka-uniform? Gaga ka ba?”

“Ano’ng masama doon?”

“Kaya wala kang masilong mayaman, eh. Halika na, umuwi tayo sa bahay at pahihiramin kita ng damit ko. Aayusan kita para magmukha kang tao.” Hinatak siya nito.

“Sandali, sandali... nakakahiya naman yata iyon,” pigil niya.

“Ano ang nakakahiya doon? Basta, ako ang bahala!”

Hindi na nakatanggi si Laura nang hilahin siya ng kaibigan. Ilang sandali pa ay palabas na ang dalawa sa opisina at patungo na sa malaking bahay ng mga Manglapus sa *Corinthian Gardens*.

Sa mga sandali na masayang naghahanda ang dalawang dalaga sa bahay ni Charo, kunot naman ang noo ni Arthur Buenaflor habang nakaupo sa loob ng malaking opisina niya sa Makati kung saan nakatayo ang malaking gusali ng *Elements Development and Real Estate at Elements Lending Company*.

“Ano ka ba naman, Glenn? Why don’t you just take one of your friends with you? You know I hate blind dates. Isa pa, kung babae ang hanap mo, marami na naman tayong kakilala diyan.”

Napatingin sa kisame ang kapatid. “Kuya, ano ka ba? Iba ito. Laura is cool. She’s the only one who talks sense kapag nagkakausap kami sa Internet. At naiintriga ako sa kanya kaya gusto ko siyang makita.”

Bumuntung-hininga siya. “That’s just a waste of time. Wala ’yang ipinagkaiba sa refusal mong magtrabaho dito. Matagal na kitang inaalok ng posisyon sa opisina ko at kahit sina Papa, they’re just waiting for you to take over the reins sa pag-manage ng farms natin but you preferred to enter the *U.S. Navy* instead.”

“Alam mong takot ako sa responsibilidad. I’m not like you. Saka bakit pa ako magpapakahirap magtrabaho dito? I can have all the money I want, when and where I want to.”

“Glenn, when will you ever grow up?” inis na pahayag niya.

“Malaki na ako, Kuya. I just want to enjoy life. Is that so bad?”

Matigas ang pag-iling niya. “But I really can’t go with you tonight. I’m busy. May dinner date kami ni Sandra at kilala mo naman siya. Ayaw niyang nasisira ang plano namin.”

“Ngayon lang naman kita makakasama,” pakiusap ni Glenn. “Para namang linta iyon kung kumapit. Cancel your date with her or just go to her apartment later tonight. I’m sure hindi lalagpas ng ten, eh, ’tapos na ang lakad natin.”

“Hanggang ten lang?” paniniyak niya.

Tumangu-tango ito. “Yep.”

“Aalis na tayo?”

“Pupuntahan ko pa si Alice; may date kami.”

Napakunot-noo siya. “Ganoon naman pala, bakit ka pa nag-set ng date sa Laura na ito?”

“I want to see what she looks like. At least, kapag nagkausap uli kami kapag nakasakay na naman ako or when I’m in the States, hindi ko na iniisip kung ano ang hitsura niya.”

Bumuntung-hininga si Arthur at tiningnan ang nakababatang kapatid. Kung tutuusin ay dalawang taon lamang ang pagitan nila ngunit magkaibang-magkaiba ang kanilang hitsura. Pormal na amerikana ang kanyang suot samantalang ito ay nakasimpleng polo shirt at maong pants lang. Bagaman pareho sila sa di-pangkaraniwan nilang taas, ang pagka-mestizo na minana pa nila sa mga ninunong Kastila ng kanilang mga magulang, ang makakapal na kilay, matangos na ilong at manipis na labi ay hindi halos makita ang pagkakahawig nila. Si Arthur ay pormal at suplado ang dating pagkat sanay ito sa kapangyarihan at sa pagsunod ng lahat ng tao sa kanyang sinasabi bagaman thirty-one years old

lamang siya samantalang si Glenn ay mas palabati at madaling makagaan ng loob dahil na rin sa kilos at ugali nitong masayahin.

“Ano, sumama ka na. Maghiwalay tayo afterwards. At least, dito, no strings attached.”

“Sige, sige,” sa wakas ay sang-ayon niya. “May lakad din naman si Sandra and she’s not expected to be home until past ten.”

Kumislap sa tuwa ang mga mata ni Glenn. “Great! And one more thing, huwag kang magpapakilalang kapatid kita or ikaw ang may-ari ng mga kompanyang ito.”

“At bakit?”

“Alam mo naman ang ganoong babae. Baka malula, eh, kung anu-ano pa ang isipin. Saka, isang beses lang naman ito. Just indulge me, okay?”

“Sige, sige,” patangu-tangong sabi niya.

“Thanks. Babalikan kita dito after six o’clock.”
Tumayo na ito.

“Are you going to see Alice now?”

Ngumiti ito nang pilyo. “Not yet. I’ll have a drink with Jane first.”

Sana Pag-ibig Na - Marian Alejandro

Pailing-iling na lamang si Arthur nang lumabas ang kapatid sa kanyang opisina.

3

“Sigurado ka ba na tama itong ayos ko, Charo?”

“Natural! Ganyan ang gusto ng mga Amboys kaya look cool. Pero ang tagal nila, ha! Ten minutes na silang late.”

Hindi pinansin ni Laura ang reklamo ni Charo at muli, sinuri niya ang anyo sa salaming nasa harapan ng estante ng *Benetton* shop na kinatatayuan nila. Doon sila nag-agree na magkikita.

Maraming tao ang napapaligon sa kanya. At tuwing tinitingnan ang sarili, hindi niya maiwasang mapailing dahil hapit na hapit sa kanya ang itim na blouse pati na ang miniskirt niyang pahiram ng kaibigan. Totoong ipinakikita ng suot ang magandang hubog ng kanyang katawan pati na ang mahahabang legs ngunit sa opinyon niya ay masyadong maikli ang palda dahil mas mataas siya kay Charo. Pinalugay rin nito ang kanyang mahabang buhok at nilagyan siya ng makeup na halos hindi naman halata.

Maganda ang resulta ngunit sobra-sobra ito sa taste niya. “Huwag na lang kaya tayong tumuloy, Charo?” Hindi niya maiwasang magbago ng isip.

Nagulat ito. “Ha? Bakit naman? Ang tagal-tagal nating nag-ayos ’tapos.... Saka malay mo, guwapo rin ang kasama ni Glenn. Saka sayang ang pag-aayos ko.” Katulad niya, nakasuot ito ng kulay tsokolateng spandex na bestidang may spaghetti straps. Dumidikit sa bawat kurba ng katawan nito ang tela ng damit.

Sa bawat dumaang lalaking napapatingin sa kanila at bawat sandaling lumilipas ay lalong nanliliit si Laura sa anyo. “Huwag na nating ituloy ito. Maghahanap na lang ako ng iba.”

“Tumigil ka nga—Ay!” Natigilan ito. “Hindi ba si Glenn na iyon?” Ininguso ni Charo ang nakikita at nanlamig siya nang matanaw ang dalawang matangkad na lalaking derechong nakatingin sa kanila.

“Charo....” Hindi na niya nakuhang magsalita. Nakalapit na ang dalawa sa kanila.

“So, who’s Laura, and who’s Charo?” tanong ni Glenn.

“I’m Charo, she’s Laura,” mabilis na sagot ng kaibigan niya nang hindi siya nagsalita.

“Sorry if we’re late. Nag-overtime pa kasi itong friend ko. Arthur, meet Laura and Charo. Sila ang mga ka-chat ko sa Internet.”

Bahagya lamang narinig ni Laura ang masiglang pagbati ni Charo sa kasama ni Glenn. Hindi siya komportable sa pagtitig ni Arthur sa kanya. At bakit ba hindi niya maalis ang pakiramdam na may halong awa ang mga tinging iginawad nito sa kanilang magkaibigan?

“Hi, Laura,” bati nito.

“Hi, Arthur.” Nagkamay sila at naramdaman niya ang malambot na kamay ng binata. Nanliit siya lalo dahil alam niyang magaspang at matigas ang kanyang mga kamay, resulta ng trabahong-bahay na hindi kayang paghinakpan ng kahit ano pang lotion sa mundo.

“Well, shall we have dinner?” Si Glenn ang nagsalita at mayamaya pa ay palabas na ang tatlo sa *Shangri-La Plaza*.

Naiinip na siya.

Muli ay pinigil ni Laura na magpakawala ng isa pang hikab sa harap ng mga kasama. Halos hindi siya makapaniwalang alas nueve pa lamang ng gabi at dalawang oras pa lang silang nagkakasamang apat.

Parang kay tagal na niyang nakikinig sa

pagkukuwento ni Glenn tungkol sa buhay nito. Mukha ring wala itong pakialam kung hindi na siya nagsasalita at tahimik na lamang na nakikinig.

“Mukhang hindi ka nag-e-enjoy?” Mula sa kanyang tabi, nagulat siya nang sa wakas ay nagsalita si Arthur. Bilog ang table ng restaurant na pinasukan nila at habang abala sa pag-uusap sina Charo at Glenn ay tahimik lang itong nakinig, kagaya niya.

“Ha?”

“Sabi ko, hindi ka yata nag-e-enjoy.”

“Hindi naman.” Bahagya siyang ngumiti. “Medyo pagod lang ako; marami akong ginawa sa opisina.”

“How long have you known Glenn?” usisa nito.

“Three... four months. But this is the first time na nagkita kami. Sa San Diego kasi siya naka-base,” tugon niya.

“Yeah. Saan ka nagtatrabaho?”

“Sa isang export company na pag-aari nina Charo.”

Bahagyang napataas ang isang kilay nito. “But you two are good friends?”

“Yes. Pero doon na kami nagkakilala.”

“Gaano ka na katagal doon?”

“Three years.”

“Ganoon ba?” Tumangu-tango ito at hindi na muling umimik.

“Ikaw, saan ka nagtatrabaho?” mayamaya ay tanong niya.

“Ako? Sa *Elements*; sa accounting department,” mabilis na pagkakaila nito.

“Supervisor ka?”

Umiling ito. “Hindi, staff lang.”

“Ganoon ba? Paano kayo nagkakilala ni Glenn? Saka parang magkahawig kayo.”

Kunwa’y nagulat si Arthur. “Talaga? Actually, magkababata kami at nagtatrabaho sa farm nila ang parents ko. We practically grew up together kaya nakapasok ako sa *Elements*.”

“Dalawa ang kompanya ng *Elements*. Alin doon?”

“Sa *Elements Lending Company* ang opisina ko.”

“Malaking kompanya iyon, di ba?”

“Magaganda ang benepisyo nila.”

“Accounting graduate din ako. Pero hindi ganoon kasikat ang eskuwelahang pinagtapusan ko kaya nahiya akong mag-apply sa malalaking kompanyang ganyan. Kapag nasa ads kasi, lagi nilang hinahanap, eh, iyong tapos sa *U.P., Ateneo* o *La Salle*.”

“Nakapasok lang naman ako d’on dahil sa koneksyon ko sa pamilya nina Glenn,” patuloy na pagsisinungaling nito.

“Ganoon ba?” Nawala ang hiya ni Laura nang malamang ordinaryong empleyado rin lang pala si Arthur.

“Bakit hindi mo subukang mag-apply sa *Elements*? Malay mo, makapasa ka,” udyok nito.

“Siguro makakapasa ako sa written test pero iyong interview, baka malabo iyon.”

“Bakit naman?” tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “Wala. Kasi siyempre mataas ang ilong ng mga nag-i-interview. Kung umasta, eh, akala mo kung sino.”

“Hindi naman siguro.”

“Hay naku! Maniwala ka sa akin. Ang dami kong in-apply-an n’on kaya alam mo.”

“Walang gustong tumanggap sa iyo?”

“Eh, bago kasi nila ako tanggapin, siyempre bibigyan muna nila ng priority iyong iba na mas maganda ang eskuwelahang pinanggalingan.”

“Ganoon ba?” Natahimik muli si Arthur at noon nagdesisyon si Laura na hindi na niya kayang magtagal pa kasama ang mga ito.

“Ah, excuse me... Charo?” Napalingingon ang kanyang kaibigan at nginitian niya ito. “Much as I hate to interrupt the two of you, magpapaalam na ako. Kailangan ko na kasing umuwi, eh.”

“Uuwi ka na? Pero ang aga-aga pa, 'no!” tanggi ni Charo.

“Walang kasama si Mama.”

“Laura naman....” Pinanlakihan siya nito ng mga mata ngunit hindi niya ito pinansin.

“I’m tired. It was nice meeting you,” sabi niya habang inililipat ang tingin sa dalawang lalaki, “but I really have to go.”

“Well, it was nice meeting you, too.” Mulí, nagkamay sina Laura at Glenn. Bantulot na ring tumayo si Charo.

“I can take you home, Laura. Kung gusto mo,” alok ni Arthur.

“Thank you, pero hindi na kailangan,” nakangiting tanggi niya.

“Aalis na rin naman ako.”

“Pati ikaw? How about you, Charo?” tanong ni Glenn.

“Charo, you can stay,” pigil niya. “Malapit lang dito ang bahay mo and it seems you’re having such a wonderful time.”

“No, sasama na rin ako sa iyo,” desisyon nito. “Ako na ang maghahatid kay Laura,” baling nito sa magkapatid. “Well, Guys, it was nice meeting both of you.”

Matapos ang pagpapaalaman, naiwan sa mesa sina Arthur at Glenn habang tinatanaw ang papaalis nang mga babae.

“Well, that was...”

“... nice?” Tinapos ni Arthur ang sasabihin ng kapatid. “I have to go now, Glenn. Mabuti na lang at nagyaya na ang Laura na iyon.”

“Ang ganda niya, ah. Hindi nga lang gaanong

makasakay sa mga sinasabi ko.”

“You liked her?” Mataman niya itong tiningnan.

“Let’s just say na hindi ito ang magiging huli naming pagkikita,” confident na pahayag nito.

Napakunot-noo siya. “Akala ko si Charo ang type mo?”

“Si Charo? Well, lamang-tiyan din iyon pero mas katakam-takam si Laura. Mukha pang hard to get.”

“Bahala ka. Aalis na ako.”

“Ikaw, kanino ka mas nagagandahan?”

“What does it matter? Hindi ko naman na sila uli makikita.” Tumayo siya. “Sige.”

“Ikumusta mo ako kay Sandra.” Kumaway si Glenn saka kampanteng uminom ng beer.

Hindi na nilingon ni Arthur ang kapatid. Hindi niya sinagot ang tanong nito dahil sa kauna-unahang pagkakataon, nagkasundo sila ng taste sa babae.

Katakam-takam nga talaga si Laura.

“What’s wrong with you? Akala ko ba hellbent kang magkagusto sa iyo si Glenn? Bakit bigla

ka na lang nagpaalam?” usisa ni Charo habang nagmamaneho.

“Inaantok na ako, eh.”

“Inaantok ka na?” Yamot na nagsindi ito ng sigarilyo, sabay baba ang salamin ng sasakyan nitong *Honda Civic* habang mabilis na binabagtas ang kahabaan ng Shaw Boulevard.

“I’m sorry, okay? Nainip na ako. Puro tungkol na lang sa kanya ang naririnig ko... ano ba naman iyon? Ni hindi nga nagtanong tungkol sa atin!”

“He was just trying to impress you,” katuwiran nito.

“Hindi ganoon magpabilib ng babae.”

“Kahit ano pa iyon, dapat magtiis ka. Akala ko ba gustung-gusto mong makaalis ng Pilipinas? Hindi ka ba naeengganyo sa mga ikinukuwento niya?”

Bumuntung-hininga siya. “Naeengganyo, pero alam mo naman kung bakit ko gustong makaalis. Hindi naman dahil gusto kong makarating sa Amerika. Gusto ko lang mailayo ang Mama sa anino ng Papa,” paliwanag niya.

“Eh, kung aalis ka na rin lang, bakit hindi pa itong okay na?”

Hindi umimik si Laura. Hindi niya maintindihan kung bakit naiinis nang husto si Charo sa kanyang ginawa.

“Nakuha mo man lang ba kung saan puwedeng tawagan si Glenn?” tanong nito.

“Hindi.”

“Susme naman!” inis na bulalas nito. “Paano kung hindi na tumawag uli iyon?”

“Tatawag iyon uli,” paniniguro niya.

“Paano mo naman nalaman? Eh, hindi mo nga halos kinausap kaya napilitan akong pakiharapan siya.”

Napilitan? Hindi na lang siya nagkomento kaya hindi naniniwala sa sinabi nito.

“Eh, paano na iyan kung hindi ka tumawag?”

“Di huwag,” walang pakialam na tugon niya.

“Hindi ka nanghihinayang?” gulat na tanong nito.

Nagbuntung-hininga muna siya bago sumagot. “Sa ginawa ko ngayong gabi, napag-isip-isip kong hindi ganoon kakapal ang sikmura ko para isakripisyo ang sarili ko para makaalis lang dito. Kung hindi

talaga, huwag na lang.”

“Sigurado ka? Hindi ka interesado kay Glenn?”

Umiling siya. “Hindi talaga,” giit niya.

“Are you sure?” kulit nito.

“Oo. Huwag na nating pag-usapan ito. Hindi ko talaga ma-imagine na ganoon pala ang Glenn na iyon sa personal.”

“Pero you have to admit, mas guwapo siya sa personal kesa sa picture niya,” parang pambubuyo pa nito.

“Hmm....” Tumangu-tango na lamang siya, ayaw nang pumasok sa argumentong higit pa sa panlabas na anyo ang kanyang hinahanap dahil pipintasan lamang siya ng kaibigan at sasabihang masyado siyang konserbatibo.

“O, heto na.” Huminto si Charo sa kanto ng kalye patungo sa bahay nila. “Hindi na ako bababa, ha? Okay lang?”

“Pasalamat na nga ako’t hinatid mo ako, eh. Lalabhan ko na lang muna itong damit at saka ko isasauli sa iyo.”

“Don’t bother. It looks much better on you kaya

iyo na.”

“Thank you. Thank you na rin sa lahat ng tulong mo, ha?” nakangiting sabi niya.

“Wala iyon.” Pagkababang-pagkababa ni Laura ay kumaway lamang si Charo at umalis na.

Tumalikod na siya at binagtas ang kalsada patungo sa inuupahang bahay nang walang kamalay-malay kung ano ang tunay na pakay ng kaibigan sa pagmamadali nito.

Kung anong bilis ng pagpapatakbo ni Charo ng kotse sa paghatid sa kanya ay dobleng bilis pa sa pabalik sa restaurant na pinag-iwanan nila kina Arthur at Glenn. Pigil ang hininga ng babae nang tiningnan ang parking lot. Nang makitang naroroon pa ang dalang sasakyan ni Glenn ay gumuhit ang isang matamis na ngiti sa mga labi nito.

Derecho itong pumasok sa loob ng restaurant.